

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING HIS VISIT
TO AREAS AFFECTED BY THE TAAL VOLCANO ERUPTION**

[Delivered at the Batangas City Sports Coliseum in Batangas City | 14
January 2020]

Agriculture Secretary William Dar, he just gave you 130 million. Ibinigay namin kay Governor para sa tulong ninyo *[applause]*; Social Welfare and Development Secretary Rolando Joselito Bautista and the other members of the Cabinet; Senator Bong Go, `yung taga... *[applause]* Ito si Bong Go, hindi ninyo ibinoto, taga-Batangas ito. Ah nanalo ka pala.

Si Bong Go, kagaya sa amin, ako Bisaya, pumunta kami ng Mindanao noon para makahanap ng bagong buhay at ma... Eh mahirap lang kami sa amin kaya napunta kami ng Mindanao.

Bong Go, ang nanay nito Tesoro, taga-rito sa... Nakapag-asawa ng Chinese, si Go. Kaya akala ninyo na... Batangueño ito, pati `yung ugali nito Batangueño. *[applause]*

Batangas Provincial Governor Hermilando Mandanas; local government officials of the City of Batangas; mga kababayan ko.

Alam mo ang anak ko Batangueño-Ilocano. Ang layo. Nawala `yung Bisaya. Ang tatay taga-Paoay, ang nanay anak ni Judge Reyes, Batangueño, dito galing sa --- na-assign sa Davao. `Yung anak niya na babae, `yun `yung nanay ni --- ng anak ko, mother-in-law ng anak ko. Batangueña ang... Lolo sa father side, Ilocano.

Mga kababayan kong naghihirap; kasama ko sa gobyerno; mga mahal kong Batangueño. Eh hindi ako marunong masyado mag-Tagalog eh. English na lang ha?

Last Sunday, January 12, after months of unrest, the Taal Volcano erupted, displacing families, damaging homes and destroying farmland and livestock, which are major sources of income for the Province of Batangas and nearby areas. After the explosion, lava fountaining and

other several earthquakes followed. As of this moment, Taal Volcano continues to be on the Alert Level 4.

Medyo... Wala munang babalik doon hangga't hindi magkalma ang panahon. Nobody is allowed to go there, to go back until such time that you are safe.

Ito po'y --- English 'to. Ita-translate ko na lang ng Tagalog ha. 'Yung Tagalog lang na atin-atin lang. Hindi 'yung Tagalog na --- Tagalog ninyo.

Itong disturbance na ito, eh nagkaroon nang pahirapan sa 5,000 families. At nasarahan ho 'yung Tanauan, Talisay, Tagaytay at Taal at kanselado po ang [539] domestic and international flights and the suspension of classes and work.

Ash fall [from the] eruption na dumating sa National Capital Region and some parts of Manila.

Nung pumutok ito, nasa Davao ako. Pero pauwi na ako dito kasi gabi. Natulog muna ako. Tapos sinabi ng piloto, pati 'yung mga security na hindi raw pwedeng lumipad. Sabi --- buong gabi --- isang gabi, I kept track kung ano ang nangyari na.

Tapos nung umaga pinilit ko --- pinilit ko 'yung eroplano ko, sabi ko aalis ako. Sabi niya maraming ash. Ah hayaan mo. Ihulog mo 'yan diyan sa... Doon mismo sa butas ng... Para malaman nilang galit ako.

Bakit ba 'yan nag-aalburuto niyan? Hindi siguro kayo nagdadasal doon. Alam mo, Kristiyanos tayo pero naniniwala tayo niyang mga may-ari ng Taal, may-ari ng Makiling. 'Yung mga ganun.

So magpunta kayo doon balang araw, magdala naman kayo ng pan. I-offer ninyo at dasal.

Itong mga kalamidad ay nangyayari po sa buong bayan at kailangan po na may gagawin tayo na tinatawag na maibaba mo man lang naman ang kahirapan at ang danger 'pag pumutok itong mga 'to.

Nandito ako para tumulong sa mga tao na tinamaan nitong eruption. And gagawin ko lahat --- itong Batangas, Cavite, Laguna, at ibang lugar pa na matulungan namin para bumalik sa normal.

You know, the first thing that you should do if there is a crisis of whatever -- - typhoon, it could be earthquake, it could be a... Alam mo ang dapat gawin mo is to get back to normalcy immediately.

Huwag mo nang patagalin. Basta `pag dumating `yan at na-implement na natin ang lahat, go back to normal life immediately. `Yan ang dapat gawin ninyo.

Sa ngayon, meron tayong mga tulong galing sa [NDRRMC], [DSWD]. Lahat ng ahensya ng gobyerno ko ay nandito. Lahat ng tulong niyo nandito. `Yung mga truck ni Secretary Villar. Wala siya dito. Baka nagtampo. Ayaw magpahiram ng truck niya. `Di bale.

Lahat at pagkain walang problema po. Pagkain, walang problema. Pera, walang problema. Tama siguro na... Magkano ba ang isa? One hundred thousand kada isang tao okay na `yan? Tulong?

O sige. Tingnan natin. Pero malaki ang ibinigay ko sa inyo, 30 million plus another 130 --- 30 plus another 130 million. Para tulong sa inyo, para inyo `yan. *[applause]*

Eh pumalampak naman kayo. Naunahan ninyo ako, `di ayaw ko na. Tama na `yun.

Eh hirap ako mag-translate, English `to eh tapos gawain kong Tagalog. So basta kami sa gobyerno nandito.

You know, let me repeat to you again: We are workers of government and we serve the people. `Yan ho ang trabaho. Hanggang --- hanggang diyan lang ho kami. Huwag na `yang excellency, huwag na `yang presidente na `yan. Bayad kami para magsilbi sa tao. Kaya nandito kami, trabahante kami at handa kaming tumulong at handa kaming yakapin kayong lahat. *[applause]*

Gusto kong yakapin kayong lahat pero masyado namang marami. `Yung mga girls na lang na magaganda doon. *[laughter]* Hindi... Naitulo --- naibigay naman namin `yung tulong, nakapag-salita ako dito. Hindi mo na siguro maintindihan kasi `yung Tagalog ko nga, Tagalog-Bisaya, Tagalog-Mindanao.

Pero dapat ninyong malaman na ang mga anak ko ay Batangueño. Kasi ang nanay nila, si Justice Carpio, Agnes. Anak `yun ni Judge Reyes na taga-rito sa inyo.

Maraming salamat po.

--- END ---

